

Varayti Ng Wika Sa TWIFAME: Isang Pagsusuri

RAYMUND M. PASION, PhD¹, MARILYN C. ARBES, PhD²

¹Davao Oriental State College of Science and Technology
Mati City, Davao Oriental, Philippines
raypasion16@gmail.com

²University of Mindanao Tagum College
Arellano St. Tagum City, Davao del Norte, Philippines
mcdoarbes@gmail.com

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang varayti ng wika na ginamit ng mga mag-aaral at guro sa Twitter, Facebook at Messenger (TWIFAME). Sinikap sagutin sa pag-aaral ang mga suliranin: (1) Anong varayti ng wika ang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME? (2) Anong varayti ng wika ang kadalasang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME? (3) Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa varayti ng wikang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME?

Deskriptibo o palarawang pamamaraan ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang mga mensaheng ipinadala o kaya’y forwarded funny messages sa TWIFAME ay masusing tinignan, inuri at inalisado ito batay sa varayti ng wikang ginamit ng mga mag-aaral at guro.

Natuklasan sa pag-aaral, na dahil sa patuloy na pagdami ng mga taong gumamit ng social media na mula sa iba’t ibang pangkat ng tao, iba-iba rin ang varayti ng wikang ginamit sa mga post sa TWIFAME. Ang mga ito ay paggamit ng code-mixing, code-switching, dayalek, ekolek, eyufemismo, idyolek, istandard na wika, sosyolek at ang taboo.

Dahil dito, masasabing ang resulta ng kaalaman ng mga gumamit o user at paggamit hindi lamang ng kanilang unang wika kung hindi maging ang kanilang pangalawang wika. Ang varayti ng wika sa mga post sa TWIFAME ay nagpapatunay lamang na tunay na dinamiko ang wika sapagkat ito ay nagbabago. Malaki ang impluwensya o papel ng lipunan at ng social media sa pag-usbong ng mga varayti. Kaya, kailangang bigyang-pansin ang mga kaganapang pangwika, ang pagbabago ng wika sa mga post sa TWIFAME bilang bagong kaparaanan ng bawat indibidwal sa paglalahad ng mga saloobin o damdamin.

Mga Susing Salita — TWIFAME, Varayti ng Wika, Wika ng Social Media, Pilipinas

I. Introduksyon

Ang mundo ay matuling nagbabago tungo sa daigdig nang walang hanggan o borderless world. Isa sa mga dahilan nito ay modernasyong hatid ng mga makabagong teknolohiya na nagpapatunay sa lipunang ating ginagalawan na ito ay patuloy na umuunlad at umuusad hanggang sa kasalukuyang panahon.

Isa rin sa naging bunga ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa mundo ay ang pagsapit ng makabagong panahong tinatawag na Information Age. Sumibol sa pagsapit ng information Age ang pag-unlad ng teknolohiyang pangkabatiran o Information Technology, tulad ng internet at digital wireless radio. Ngayong nasa ikadalawampu’t isang siglo na tayo, hindi maipagkakailang magkaroon ng papel ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya sa pagsulong ng isa sa

pinakamahalagang bagay sa buhay ng bawat indibidwal sa alinmang lipunan sa mundo- ang komunikasyon.

Sa kasalukuyan, ang iba't ibang instrumento na maaaring gamitin sa pagpapadali ng komunikasyon ay natuklasan na at ang iba ay patuloy pang tinutuklas. Dalawa sa pinakamahalagang bunga ng pag-unlad ng komunikasyon ay ang mobile communications o mas kilala sa tawag na cellular phone at kompyuter. Naglipana kahit saan ang mga cellular phone- ang mga nakatanggap o nakapagpapadala ng larawan ay nagiging popular na rin (Microsoft Children's Encarta, 2005).

Ang cellular phone o cellphone ay nagsisilbing instrumento sa paghahatid ng mensahe. Ginagamit ito sa Twitter, Facebook at Messenger (TWIFAME) upang maghatid ng text message o short message service na pinaikling porma ng pagsulat. Ang TWIFAME ay isang paraan ng pakikipagkomunikasyon na nagbibigay daan sa mga gumagamit ng cellphone na makapagpalitan ng maiikling sulat (Microsoft Encarta Premium Suite, 2005). Kasama sa text message ang pagtawag sa telepono- ang pasalitang paraan ng paggamit nito na isinasagawa kapag gustong makausap ang mga taong nasa malayo. Subalit, higit na ginagamit ang pagsulat na paraan dito na mas kilala sa tawag na text o post na mensahe sa TWIFAME. Sapagkat, ito ay hindi nangangailangang gumastos ng malaking halaga. Dumaraan ito sa proseso ng pagsusulat na may kakaibang estilo sa pormal na pagsusulat dahil pinaikli ang mga salita at kung minsang ay gumagamit lamang ng mga simbolong tulad ng smiley o emoji (Raymundo, 2004:94).

Makikita ang kultura ng tao sa kanyang wika at sapagkat iba-iba ang kultura ng tao, nagkaroon ngayon ng pagkakaiba-iba o varayti sa wika tulad sa wikang ginagamit ng text message sa TWIFAME. Sa akademikong daigdig, maaaring makita ang varayti ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral at guro sa text message sa TWIFAME.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Makakatulong ito sa **mga tagaplano ng wika**, sa pamamagitan ng paghahatid sa kanila ng mahahalagang impormasyong maaari nilang mainkorporeyt sa kanilang pagpapalano. Dahil sa lalong liberal na pagpasok ng mga salitang galing sa mga leksikon ng mga katutubong Pilipino ng bansa at sa iba pang mga wikang banyaga, magkakaroon ng mga barayti ng Filipino at mga baryasyon sa pagpasok ng mga wika sa wikang Filipino. Magsisilbing feedback ito para madetermina kung tumutugon ba sa inaasahang resulta ng kanilang plano ang kinalabasan ng pag-aaral. Magagamit ito ng mga **tagapagplano ng kurikulum** mula elementarya hanggang sa mataas na lebel ng edukasyon para sa pag-aakma sa kurikulum upang makatugon sa pangangailangan ng sambayanang Pilipino. Makapagbibigay rin ito ng ambag sa **mga guro** sa pagbuo ng kagamitang panturo o sanayang aklat bilang karagdagang reperensya sa ng mga mag-aaral na medyur sa Filipino sa asignaturang barayti at baryasyon sa wikang Filipino ng DOrSU, UMTC at iba pang kolehiyo. Ang resulta ng pag-aaral ay makatutulong din sa mga mananaliksik na nagnanais mag-aaral ng barayti at baryasyon ng wika sa social media.

Batayang Teoretikal

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa konsepto nina Paz, Hernandez at Peneyra (2003), na pumapaloob sa wikang ginagamit sa text message sa TWIFAME ang kakaibang paggamit ng tao sa wika bunga ng hinihingi ng sitwasyon o ng pangangailangang pinagbabatayan ng gagamiting mga salita o batay sa lipunang kanilang ginagalawan. Naging batayan din sa pag-aaral na ito ang konsepto na ang wikang ginagamit sa text message sa TWIFAME ay naiiba sa karaniwang wikang ginagamit sa komunikasyon. Kasabay ng pag-usbong at paglaganap ng text message sa TWIFAME sa buong mundo, nabuo ang isang bagong uri ng wika na madali at angkop gamitin para rito, (www.webopedia.com/quick.ref/text-messaging.html).

Sinasabi rin na ang wikang ginagamit sa text message sa TWIFAME ay naiiba sa karaniwang wikang ginagamit sa komunikasyon. Kasabay ng pag-usbong at paglaganap ng text message sa TWIFAME sa buong mundo, nabuo ang isang bagong uri ng wika na madali at angkop gamitin para rito (www.webopedia.com/quick.ref/text-messaging.html). Pumapaloob sa wikang ginagamit sa text message sa TWIFAME ang kakaibang paggamit ng tao sa wika bunga ng hinihingi ng sitwasyon o ng pangangailangang pinagbabatayan ng gagamiting mga salita (Paz, Hernandez at Peneyra, 2003), o batay sa lipunang kanilang ginagalawan. Matalik na magkaugnay ang wika at lipunan maging ang gumagamit nito. Hinuhubog ang bawat wika upang matugunan ang pangangailangan ng mga tagapagsalita nito (Daniels, 1985). Kaya't ang wika at kultura ng tao ay naging magkabuhol.

Batayang Konseptwal

Sa paglaganap ng social medya bunga ng pagsibol ng pag-unlad ng teknolohiyang pangkabatiran ay umusbong ang isang bagong uri ng wika. Ang wikang ito ay puno ng pagbabago na normal na nagaganap sa lahat ng wika dahil sa pagiging dinamiko nito o buhay. Sa pagiging dinamiko ng wika, nagkaroon ng varayti ang wikang ginagamit sa mga text messages na makikita sa TWIFAME.



Figyur 1. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral

Makikita sa iskima ng paradaym ng pananaliksik ang parihabang kahon na nagrerepresenta sa lipunan bilang bukal ng mga pagbabagong nagaganap sa wika na dulot ng pagsulong ng

teknolohiyang pangkomunikasyon. Isa sa modernong teknolohiya ay ang cellphone na ginagamit sa paghahatid ng mga mensahe. Ang pagbuo sa mensaheng ito na inirepresenta ng maliit na kahon sa loob ng malaking kahon ay nakasalalay sa mga taong gumagamit ng cellphone sa kinabibilangang lipunan. Kinokondisyon ng lipunan ang paraan ng pagbubuo ng text message kaya ito ay direktang nasasangkot at nakakaapekto sa pag-usbong ng mga varayti ng wika.

Samantalang, makikita naman mula sa kahon na kinapapalooban ng pokus ng pag-aaral-ang text message, direktang nakakonekta sa isa pang kahon na nagrerepresenta sa mga varayti ng wika na umuusbong sa proseso ng pagbubuo ng mensahe o text message na bunga ng pagmamanipla ng tao sa kanyang wika na sumasalamin sa kanyang kultura.

Mga Layunin:

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang varayti ng wika sa TWIFAME. Upang magawa ito, ang mga sumusunod na katanungan ay sinikap na masagot:

1. Anong varayti ng wika ang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa:
 - a. **Twitter**,
 - b. **Facebook**, at
 - c. **Messenger**?
2. Anong varayti ng wika ang kadalasang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa varayti ng wikang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME?

Haypotesis ng Pag-aaral:

Batay sa mga naunang katanungan, nabuo ang null na haypotesis na sinubok sa pamamagitan ng instrumentong istatistikal.

1. Walang makabuluhang pagkakaiba sa varayti ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME?

II. Methodology

Deskriptibo o palarawang pamamaraan ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang mga mensaheng ipinadala o kaya ay forwarded funny messages sa TWIFAME ng mga kaibigan, mag-aaral at guro ng mga mananaliksik ay masusing tinignan, inuri, inalisa o sinuri batay sa varayti ng wikang ginamit. Isinagawa ang pag-aaral sa pamantasan ng DOrSu na matatagpuan sa lugsod ng Mati, Davao Oriental, Philippines.

Ang mga respondente ay napili sa pamamagitan ng convenience, snow ball at purposive sampling. Ito ay may kabuuan na apatnapu't walo (48). Dalawampu't apat (24) ang mga mag-aaral at gayundin sa mga guro.

Sa pagkuha ng datos, ang mga mananaliksik ay nagpadala ng mensahe sa nabanggit na mga respondente upang hilingan ng mga forwarded text messages mula TWIFAME- ito ay ang mga nakatatawang mga mensahe. Ginamit din ang estatistikal na T-test upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng varayti ng wikang ginamit.

III. Results and Discussion

Varayti ng Wika sa TWIFAME

Sa *Figur 2*, makikita ang mga varayti ng wika na ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWITTER. Sa mga mag-aaral ay mayroong walong (8) varayti ng wika: nangunguna rito ang *code-mixing* na mayroong 490; pangalawa ang *dayalek* na mayroong 213; pangatlo ang *istandard na wika* na mayroong 193; pang-apat ay *sosyolek* na mayroong 103; panlima ay *taboo* na mayroong 40; pang-anim ay *idyolek* na mayroong 34; pampito ang *code-switching* na mayroong 28; at ang pang-walo ay *eyufemismo* na mayroong 1.

Samantalang sa mga guro naman ay mayroon itong pito (7) na varayti ng wika: nangunguna rito ang *code-mixing* na mayroong 97; pangalawa ang *istandard na wika* na mayroong 92; pangatlo ang *dayalek* na binubuo ng 46; pang-apat ay *sosyolek* na mayroong 12; panlima at pang-anim ay *taboo* at *code-switching* na mayroong 7; at ang pampito ay *idyolek* na mayroong 5.



Figur 2. Varayti ng Wika na Ginamit sa Twitter

Inilahad sa **Talahanayan 1** ang ilang mga halimbawa na mga varayti ng wika na ginamit sa mga mag-aaral at guro sa twitter. Ito ay ang mga sumusunod.


Talahanayan 1. Varayti ng Wika na Ginamit sa Twitter

Varayti ng Wika	T W I T T E R	
	Mag-aaral	Guro
Code-mixing	<ul style="list-style-type: none"> • Ezz beri hags and yet gibatii og kaanyag Lewl. • Unta karon na week na ni tanan projects • Long weekend pero hays daghay buhaton • Dugay kayo ang update sa book ay. • Nag open na gne ug notes sa math quiz namali gihapon. • Nahurot akng stars. • I have this kraxx nga seg view skong stories sa facebook kaso di kabalo mo wave. • Naka save pa diay sa akoo ang atong recorded phone calls • Lab kita masyado • Sure ko malate nasad ta te • Sarap ng ice cream • Chapter 4 ug 5 please malooy ka! • Paki push ko plese • Lahi-lahi naman ug format oi wala nako ka understand • Lord salamat • Daghana ug studyhan uy. Sleep ko nga. • So this happened kanina while naligo • Ga overthink ra gyud diay ko. • Ganahan jud ko sa professors namo this sem bai swerte kayo mi yeyyyy. • Unsay meaning ani? • 5 days nalang pero wala na Finish na • Weekly na lang unta oys para weekly pud ang cash. • Chismis si K ug R, nay something kakaiba. 	<ul style="list-style-type: none"> • Yung crush kong Engineer na ngayon. • Way time uy! • Na miss deay nko siya. • Grabee nga show gabie! • Nganong very pretty man ako mama? • Mapressure man sad ko... Relax lang jud. • The best jud ka beshy. • Thank you kaayo beshy. • Sabay daw me next week niya. Nag-ask ko wer ta didto diay? • Sooo kay nalipong ko sa power ni kuya ug dili makaya mo ginhawag tarong nagdecide ko magtransfer sa likod. • Sa dami pa naman ng problema sa mundong ginagalawan bakit kaming mga flat chested ang ginagawa niyong center of attraction? • Is beri chesmesss ug na award ang IETT. • Pwdi mag-absent nalang ko? Dili man gud makaya sa akong heart. • Sakit akong heart. • Unta nag-isip ug naloooy ka. • Pwedi next time i-honghong nalang aron dili sakit. • Ang net kay very tinga ug very poor. • Sa junior high o senior high ka mag-apply? • Buti the best ka! • Thanks sa greetings ninyo.
Code-switching	<ul style="list-style-type: none"> • I can't stop thinking about u. Maglagot sad ko. • Like hello! Ambot. Naglagot kog samot. • I finished season 1 for 1 and a half day with 23 episodes. Ganyan ako magpasya. You should take me. • Sakit gud. But what choice do I have? Dba wala? All I'm left with is endure the pain and act as if I wasn't stab deep. • Thank you Papa God. Gamay nalang jud. • good morning world!! Lipay lang kay hapit na biyernes... 	<ul style="list-style-type: none"> • Lisod kayo mahuman ug eskwela, unya lisod sad kayo mangitag trabaho. Lord, thank you for giving me reasons to smile behind all of this. I know you reserve a day for me. • All are magic. Onsa na karon? • thesis... letter... interview... transcribe... syllabus... and many more... hindi ko na alam anong uunahin ko. • Ilang taon na indi nagkita sa wakas! Thank you gmall tagum, miss you soo much.
Dayalek	<ul style="list-style-type: none"> • Gusto nko matulooooog. • Maglagot sd ta. • Lami kayo moapas sa Bohol • Daghana pa diay ug kinahanglang buhaton oy. • Makaguba ug adlaw. • Iyahay naman diay ni lol. • Wala ko kaangay • Gusto kayo ko mo apil... • Mao najud diay to • Lami kayo dili na mo uli oyyy. • Hago na kayo • Nasakit naman jud diay ko • Paatik nsad ka! Aykog ilara ha! Bahala naka! • Basta mo uli jod kog balay ba kay wa nay lami e balik... • Ma kurat kuratan pud ta usahay ba. • SUYAA JUD OI! • Kung kanus-a ka ga dali dha pud ka langay-langayon. • Bahala ka oyk. • Dili gyud ko nimo pansinon jud? • Bug-at kaayo akong gibati m bai. • Paatik nsd ka! Aykog ilara ha! Bhal naka! 	<ul style="list-style-type: none"> • Salamat sa pag tawag... kaya rana nimo. Laban lang. • Ulan! Lameee nay ka... • Naa na deay syay uyab. Saying siya. • Maligo nko pra makabuhat ko ug tarong sa grado. • Maligo nko pra makahuna-huna kog tarong • Ning kanta siya. Nalipay ko. Gikilig ko pero nagkatawa k okay murag aning2 oyyy... • Kung asa sige tag kaon aron maunuran gamay. Didto pod sigeg sakit akong tiyan. • Bitaw! • Kahilabton ba! • Wala man lang jud naghuna-huna nga gihaguan... • Kahago maghinulat oyy • Hago manghinlo
Eyufemismo	<ul style="list-style-type: none"> • Boobs 	

Idyolek	<ul style="list-style-type: none"> • OMG! • Huh! • Oys. • Jusko pasok! • Jusmeyo • Jesaaaaas! • Hays / Hay • Like Dzuuh! • Teri! / teririts • Duhhh! • Ambot na lang jud • ganern! • Yiiiee! • Charot! / char 	<ul style="list-style-type: none"> • Ayy! • Hays. • Grabee
Istandard na Wika	<ul style="list-style-type: none"> • Pray, cry and talk to God. • I CAN'T THINK STRAIGHT • *scroll* *like* *scroll* *like* *like* REPEAT! • I'm your willing victim • That sneeze with fart. • I smell break up. • I'll forget about you like how easily you've forgotten me. • Araw ng mga puso. Araw din ng mga taong manluluko • Nariyan nga siya para sayo. Ngunit ang tanong, buhay pa ba siya para sa relasyon? • Ngayon alam mo na ang pakiramdam • Mga salita sana na magbibigay buhay sa akin. • Muntik ko ng makalimutan na tao nga pala ako • Ikaw ba? • Love me, and I'll pretend to sleep a little more, just so you can watch me sleep. • I'm just very frustrated right now. • Love me, and I'll stop what I'm doing just to smile at you. • I knew that someone has done something wrong. • Good morning with a bored look. • If you like me, just say you like me. • Now I'm going SOLO • Just woke up feeling extra happy! 	<ul style="list-style-type: none"> • If my smile can kill, you're already dead. • Untold story #1 of 2019. • When will be I become happy and contended... make it so soon pls... • #TheManager • #TheChicharon • When you give all the trust but still being fooled... • Preoccupied • When they both know how good the weather today... • Live like we're dying. • It was a surprising moment hearing them. • There's a rumor going round about me and you. • Still, you get into my nerves. The way I see you sometimes. • Kung alam nyo lang • Struggle • Late again • Wala lang. gusto ko lang. • Sobrang nakakapagod • Thank you babe • Wag mo sanang hahayaan na mawalan ako ng pag-asa na lumaban para matapos ang aking nasimulan. • Isang maaliwalas na umaga. Sana'y hindi na masira...
Sosyolek	<ul style="list-style-type: none"> • Pre • Bai / Bay • Besh / Beshy • Ernships • burlog • Goosebumps bibi • Chapsoy! • Chix nga hubog • Laban lang Mamo. • Labyu mumsh. • Chaaps ang dag-om oy. • Grabe ka gwapa ni Chienna sizt. • Mura ramig nagpahangin sa skwelahan dzae. • Sinetch itey ning ernship na mangapply daw sa sek 	<ul style="list-style-type: none"> • Makahags! • Besh / Beshy • Grabee nga <i>show</i> gabie!
Taboo	<ul style="list-style-type: none"> • Sht! / shttt /shet • Bst! / Bwst! / Bwesit / Boshet / Bushet / B*shet • Atay • Buang! • Ulol! • Fuck! / WTF! • Kaigatan pwe! • Puta! / putangina moooooo! / Taena! • Puchaaks • GAGO! / Mga gago! • Buuugooooo kalagot! • UGHSAASFGAAGAAF! • Freakin maggot! • SUCK IT UP! 	<ul style="list-style-type: none"> • Bowwshit! • Shittt kabaho oy! • Sheyyt! Mabuang ko sa baho. • Sheyytttt! Mabuang aning burger. • Neman maning PBB oyy! • Yuckkk! Neman maning laki oyy.

Makikita naman sa **Figyur 3** ang mga varayti ng wika na ginamit ng mga mag-aaral at guro sa **FACEBOOK**. Sa mga mag-aaral ay mayroong walong (8) varayti ng wika: nangunguna rito ang **istandard na wika** na mayroong 264; pangalawa ang **dayalek** na mayroong 144; pangatlo ang **code-mixing** na mayroong 98; pang-apat ay **idyolek** na mayroong 50; panlima ay **sosyolek** na mayroong 14; pang-anim ay **taboo** na mayroong 11; pampito ang **code-switching** na mayroong 7; at ang pang-walo ay **eyufemismo** na mayroong 1.

Samantalang sa mga guro naman ay mayroon din itong walong (8) varayti ng wika: nangunguna rito ang **istandard na wika** na mayroong 278; pangalawa ang **dayalek** na mayroong 103; pangatlo ang **code-mixing** na mayroong 99; pang-apat ay **idyolek** na mayroong 31; panlima ay **code-switching** na mayroong 21; pang-anim ay **sosyolek** na mayroong 8; pampito ay **ekolek** na mayroong 3; at ang pangwalo ay **taboo** na mayroong 2.



Figyur 3. Varayti ng Wika na Ginamit sa Facebook

Makikita naman sa **Talahanayan 2** ang ilang mga halimbawa na mga varayti ng wika na ginamit sa mga mag-aaral at guro sa facebook. Ito ay ang mga sumusunod.

Talahanayan 2. Varayti ng Wika na Ginamit sa Facebook


Varayti ng Wika	FACEBOOK	
	Mag-aaral	Guro
Code-mixing	<ul style="list-style-type: none"> Owrayt dba Sana all! Duon na oras sang'awng sais ka tuig ing yalabay gahinay da kay ing hangin. I miss you na mga bebe Purely katuwaan lang po Normaaaaal wala itooo Ma pressure na ba me? Sorry lng sa background na mga towelli I KNOW SO MANY TINDERA AT TINDERO Thank u sa pa dinner Promise magle-level up ngayong 2020 Cge scroll ka na po. Peace tapos smile dayun Bantog ra diay gina chat ko ni crush kay naa na diay siya'y feelings nako Thank u sa tanang tabang nimo Crush, hagwaa ko please Selfie kay stress free ang first batch sa students nako. 	<ul style="list-style-type: none"> One year namo? More gala to go. Gidetermine nako ang klase sa yuta arun macompute nako ang factor of safety sa bukid. Kaya choose the right woman na di sasayangin ang pagiging REAL MAN natin. 2nd yr college pic diay nato oh! Unya, PM lang for queries Congrats daan 1pm magsugod ang Homecoming on Saturday Please tag sa inyong college classmates ug workmates nga DOSCST Alumni sad. LABAN LANG GYUD! Sir, Jowable n aka Congrats sa inyoha. Congrats tya ug tyu Worth it akong pag pressure sa imo. Si Lord nay mag bless sa inyong gudnes. proud lang kog naa koy girl friend nga TOPNOTCHER!

	<ul style="list-style-type: none"> • Pls be reminded na basahon po ang nakasulat sa ubos • Naay washable stains ang uban since dili perfect ang laundry • If dili maka pick up kay layo pwede ipa ship • Diba I told you kanina? • Bigyan ng title • Students, ayaw sayanga ang 20 points • Sorry gud Day joke man lang yun uip sorry na • I-love lang jud imong students makaya ran a tanan • I need lambing and yakap • With these yellowhouse boys nagkita sa simbahan kay mga goodboy. • Katong last wal2 nato before I left the place and YOU left me makamiss sad kang hinampaka ka. • Abbey Shukran for everthing. From the start tanan sang pagkatigam mo about us ofc abir sa piga ikowan mo mga pics name sa lappy. 	<ul style="list-style-type: none"> • Maka proud og maka inspire kayo • #PanagsaRaniPagbigyanAngCaption • Organic DI MAKAPANIT UG LIPS • #HappyKaayo • Hahaha...na wrong. • Random lag part 2 • Akong kaDate nga very girling pa sa akooa • Please kani lang nga gift happy na kayo ko. • Pag diet na guro self • Salamat safe and sound sila... • Daming time ni cher! • Kanang na assign sa Class facilitaton nga wa namao. • Naa pay second batch? • Mag water na lage • Sorry class nawala naman ang happiness pag biya niya. • May gane love ko ni Lord
Code-switching	<ul style="list-style-type: none"> • Happy birthday motherearth... Kahit lage kang galit sa akin. • Sabay patag paso. Wish you all the best. • Naunsa gani ko ani? I don't remember the feelings enamor. • Teamwork? Sa ganitong bahay eh di tapos agad trabaho... • I remember those days. Maabot pa sa sungay. 	<ul style="list-style-type: none"> • Kini lang jud akong gusto! Please. • This is to glorify our success! Our hardships and prayers. IKAW ra jud ang HARI sa tanang HARI. • You emerged victorious and you made ME, among all other persons, so proud of you! Og sa tanang misalig, daghan kaayong salamat sa inyong tanan. • Happy Birthday, Nong! May the Lord shower you with joy and blessings! Amping mo permi. • Limited edition. Tara, kain tayo. • Happiest bday to our ever gorgeous and hardworking institute secretary... Ang natatanging mapangahas, mapagmatyag, MADAMDAMIN! • Salamat sa makanunayong pag-alagad. God bless you more and more. • Thank you. Pila nga grado imo gusto? • Ask me anything! Bi daw bi! • Kinsaaaa? PM is the key! • Unsa man ang motibo ani nga mga pangutana? It's either you asked these to tease me or you asked these because you care for me..? • Click heart and share. Malooy intawon mo. • When your dad is supportive as he can. Miskan ula, hala sege...
Dayalek	<ul style="list-style-type: none"> • Allahummasta'an • Ummiy • Lagi bay. • Bantog ra mura rag wala kay papsh • Kamo unsaon mani • Gikapoy nakog skwela • Amo ngeni kisom ing madayaw mo duwa sang yellowhouse • Yakaybsan tagbis tungod kanmooyo • Alhamdulillah • Ayk anduu by kadari pa sawman • KAON SA MO KADALI • Mao nagyud ning gihulat nako • Sang,awn pa sa kadi daan...buotan da ako. • Karun palang wala nakoy gana • Madayaw pa kaw 	<ul style="list-style-type: none"> • Sige! Tawaga pakog Baboy... • Kinsay mosabay? • Tara, mag-ihaw tag manok. • Wala ko nangibot ug sagbot. • DAGHANG SALAMAT! • Pangukay namoooo • Gibatig kaanyag uyyyy. • Naghuwat name sa pasalubong • Mabrook • Anion? • Gituyo nako nga karon lang ni ipakita kay hugyaw na katong 13 pa lang • Gibatig kaanyag • Nganong tulo name??? diba ako rato???
Ekolek		<ul style="list-style-type: none"> • Kuya • Ate • Papa
Eyufemismo	<ul style="list-style-type: none"> • AGUYNOY, 93! MAMATAY BA KONG UGA? 	
Idyolek	<ul style="list-style-type: none"> • Fru • Aja! • Guysue • Charoooooot! / charet! • Ughhh!!! • Ayiiiiieut 	<ul style="list-style-type: none"> • Uurrgghhh! • Jusko • Hays! • Awrayt! • Kani nah! • Oj

	<ul style="list-style-type: none"> • Aheeeeeem • sus • Wewssss! • duh! • Dzuhhhh 	<ul style="list-style-type: none"> • Toinks! • Pak!
Istandard na Wika	<ul style="list-style-type: none"> • God never fails to answer our prayers. It is us who fail to receive. • Last night • Now is the perfect time for prayers. • #HappyNewYear #LiturgicalCalendar #AdventSunday • I'll grind your bones and make it my bread. • Free delivery tomorrow • Befor the fast talk fru starts... • But the agony prolongs • Interview scheme • Best hide out, stress free! • A walk to remember • Nurturing the gift • #GalleryWalk • Getting there • I'm obsessively opposed to the typical. • Forever my love • #share #clickfollow • I feel happy when I'm feel YOU • I deserve to be a King but sometimes I also deserve to be a Queen • #contented • #BlessedSunday • #YearOfTheYouth • #MissUorExam • #varietyShow • Wachuthink? • Lezdothis!!! 	<ul style="list-style-type: none"> • That word "maybe" • Happiest Birthday! • Words aren't enough to express how yo are cared and loved. • Finallyyy! We did it, hooray! • When you are enjoying it, it's not work... it's play! • Iilan na lang tayo mga tol! • Ganitong-ganito! • Ang sarap • A friend is someone who gives you total freedom to be yourself. • Congratulations! • Don't stop fighting for love... • How sweet • Thanks • Buti nalang di kayo na trauma • Say not DRY & CHAP lips • Till we meet again • See the light Christmas light it's blindiiiiinnngggg • All glory to our Lord for the present year and to Him be all praises and adoration for the coming year. • Season's Greetings! • Thanksgiving Party • #happsister • You may meet the perfect one by chance but you become a perfect pair by choice. • Something I love about myself • Pagkakaisa'y nagbibigay kapayapaan at nagdudulot ng magandang samahan
Sosyolek	<ul style="list-style-type: none"> • Beaumont Adams • guys / gay • hala oy yateri • bay / bai • papsh • bebe • babe • booger • momssshhh / mamsh • ernshiiips • Pepsquad • Balooooooyers team! • Mga vaklangtue 	<ul style="list-style-type: none"> • Tol! • Pips / Pepz • Mathrix Fam!! • Beshies / Beshy / bes • guys • bay • show • Bucheret
Taboo	<ul style="list-style-type: none"> • Buysit • YAWA! • SANGOOOOO!!!! • WTF! • SHIT! • Bigaon! • Demonyo! • ANIMAL! • Kurimaws!!! 	<ul style="list-style-type: none"> • boannng! • LECHON DE PUTA!!!!

Inilahad naman sa **Figyur 4** ang mga varayti ng wika na ginamit ng mga mag-aaral at guro sa **MESSANGER**. Sa mga mag-aaral ay mayroong walong (8) varayti ng wika: nangunguna rito ang **dayalek** na mayroong 398; pangalawa ang **code-mixing** na mayroong 314; pangatlo ang **sosyolek** na mayroong 220; pang-apat ay **idyolek** na mayroong 44; panlima ay **taboo** na mayroong 42; pang-anim ay **istandard na wika** na mayroong 30; pampito ang **code-switching** na mayroong 24; at ang pang-walo ay **ekolek** na mayroong 4.

Samantalang sa mga guro naman ay mayroon itong siyam (9) na varayti ng wika: nangunguna rito ang *code-mixing* na mayroong 396; pangalawa ang *dayalek* na mayroong 181; pangatlo ang *sosyolek* na mayroong 125; pang-apat ay *istandard na wika* na mayroong 103; panlima ay *idyolek* na mayroong 67; pang-anim ay *code-switching* na mayroong 42; pampito ay *taboo* na mayroong 10; pangwalo ay *ekolek* na mayroong 3; at ang pangsiyam ay *eyufemismo* na mayroong 1.



Figur 4. Varayti ng Wika na Ginamit sa Messenger

Samantalang, mapapansin naman sa **Talahanayan 3** ang ilang mga halimbawa na mga varayti ng wika na ginamit sa mga mag-aaral at guro sa messenger. Ito ay ang mga sumusunod.

Talahanayan 3. Varayti ng Wika na Ginamit sa Messenger

Varayti ng Wika	M E S S E N G E R	
	Mag-aaral	Guro
Code-mixing	<ul style="list-style-type: none"> • Maayong evening... naa lang unta koy ask. • Unsaon pgkyha sa average ana mam e total rman tnan grades mam noh then e divide kng pila kbouk subjects? • Wala jud na change ang 3 mam. Tapos nag ask mi atong nagpa comply c sir sa mga inc mam if pwde ba sad mi mag comply. • Wapa na add c sir, di ta ka study ani • Musta ng advertisement dri? • Naa kay pic atong gipa photo copy? • Wala na register • Sure na? • XURE KAAU! • I send nko mya complete lag • E send ang picture kay ipakita NKO kang ate • Mag Gugma2 da iso pakaw. • Ma'am sorry kung gi message lng tka. • Ma'am, when ta mag MIDTERM EXAM? • Ask ko maam ug solidarity ba ugma or not? • Ato nga time maam kanang nay mga notebook imuhang table. • Gud am maam ask lang ko how true dili daw ta magklase unya sa art? • Gud pm maam ask lang ko ang sketch pad ba portrait o landscape? 	<ul style="list-style-type: none"> • I mean wala pako ka human ug check sa papers ba • Cge mam talk rata later. Morjing ka adto. • Mayawaan sad ta aning atong student nga lami i-expose atong sa bird box na monster ba... • Wa ko nag school kay orange daw ang ulan. • • Salamat LORD. • Gd evening teachers, for the info sa tanan, ang 150 nga naa sa payroll katu nang ngclaim ug December • May energetic kung magturo • Performance levelup mnka perme • Temporary closed po ang ATM machine sa 3rd gate... dili ko ka inquire. • Try nako inquire online po. • Nagcheck ko now laaaaaang! • Naa ko DBP now • Yes, dili offline diri main machine • Dli n need mg change? • Chers, wat tym last trip sa bus or van maya gabie?? • Tara duty nata! • Hapit na mag start • Unsay naa tom morning? • ga ask man gud mga students • Close po ang skul.

	<ul style="list-style-type: none"> • General meeting ta dis sat jud dpt regarding sa mga amutan and everything. • Pasensya na po sa kung hindi po ako nakapasok last meeting nag ka sore eyes po ako • Mka pressure ang mga judges kurog mi • Opo, mag practice me karun after sa class sa uban sa elang accounting • Jai tick pen nako daa kisuom • Platito na ampan hugas • Meeting man daw ang mga instructor • I chat ko in private • Kanang true • Pati nang last na picture na tirahan • Yes! Done nako sa assignment • Walay poreber! • Grave c big boss wla qud nag text • Yes po. • So, walay klase whole day? • Kissable gud diay akong lips • Guiz knsa muadtu xcull? • Unxa I shot nnyo 	<ul style="list-style-type: none"> • Open man ata. • Anha lang ko later. • Karaan na nga joke guys basin dinmo ka relate. • Moadto kos school karon. See you sa mag-adto. • Try naku maya if tuloy ang Zumba. • Ask lang ko if naa na'y klase today? • Sa panahon karon, need jud nato extens atua knowledge about sa mga bata nga naay special conditions, ug need special attention sa mga parents nga parehas nko nga naay anak ASD. • Thanks sa bonding ug jamming gabii... • pk ask sa hubby nimu pls. • pwd mag ask? • Mka proud...wala nko karemember ana...murag need nko mgbalik reading jud. • Dali na mo watch na tau tactical • Need iya presence dire sa PAO... • Last na ugma • Kana nga date na resib sa dbp • Naa na daw penalty pra sa extension
Code-switching	<ul style="list-style-type: none"> • Good pm. Kumusta ka na? • Unsa man? Watchutink? • Mangutana lang unta ko kung naa si maam? Thank u mam for responding. 	<ul style="list-style-type: none"> • No worries. 166 atu karun. • Unsay ingon nla? Nahulog na daw? Or we resort to Cannibalism. • Cge cge. Thank u. • Unsa nalng inyng paliton? Pls asap order? • Alhamdulillah! Praise the Lord. • Go go go!!! Apili koooo! • Im here. Asa mnka dapit? • How about the students? Di na paanhion? • Patience is a talent! A new skill to master. Kaya chillax nlng sa dw ta maski kusog na ang tyan. • Good morning! Tugnaw pa kaayo way lami ibangon. • Thank you ma'am! Lisud pa jud hagilapon si sir. • Sige mamsh. Thank you. • Good morning! Kinsay naa sa opisina? • Oki Doks. Di sako muadto basin naa na pud ungo. • Good afternoon, Teachers! Di ba naa man klase ugma? • Ur wlcm sir J. Ana nalng ang buhaton ugma... sayang pud...
Dayalek	<ul style="list-style-type: none"> • PAREE nay klc run? • Sulod2 lagi • Nag cla.c nmo? • Saksak sinagol • Maka apil mi ana? • naadlok ba diay ko • Tirada dira mga pare. • Yakalingawan ko kay lagi • Ikaw raman nag ingon way klase • Naa didto. Nanganak na gnie. • Hinay langa-langa. Yapagsaya dakawman. • Bahala ka oy • Wala daw klase • Palit mu oy. Kapitalit gane mug tanduay... • Kami ra intawon upat • Dili man gud mutuo bah • Asa mo dpit mag dula? • Nag unxa mn mo...? • Tarong taronga na imong kinabuhi. • Adto na diri • Tarung nqu • Naa lageh • Awn agw 	<ul style="list-style-type: none"> • Naunsa mana • Wala na jud na sila na mao dh aba • Ako na goro muadto didto sa ilaha • Na adtoan na ni niya. • Naa na kaha swildo? • hapit natu • NAPOD!? • Naa na sahod? • GIMINGAW NAGYUD KOG KWARTA! • Hala napislit...kadaghan ba. • Naa nme drea. • Apil man guro gane ta. • Gipanaog mii • Gigutomnmii • Bag-o man ko dire nga lugar guys...nay hagkanaan?? • Taligsik raman dli makabase • Kinsa nangits sa susi... • Wala ko kballo • Usa ka malipayong pagsaulog sa imong adlawng natawhan. • Tibo na pud daw ang sweldo • Tunla tarong ang ballot • mas lala diay ka
Ekolek	<ul style="list-style-type: none"> • Ate • Nong / manong • Dung 	<ul style="list-style-type: none"> • Kuya • Ate • Dong

Eyufemismo		<ul style="list-style-type: none"> • Kakatol sa kamot...
Idyolek	<ul style="list-style-type: none"> • Awssshhh / Aws • Ahm • wiw • sus • chuchuchu • jusq! • Charooooot! • bah / buh • pagsure! • Ayay! 	<ul style="list-style-type: none"> • toinkssss • ahwp • aja • pak wow!!! / pak • ehehhw • ayeeee / yeah!! / yes! • aguyyy aguyyy • Korekkkk! • buh... • charms / char
Istandard na Wika	<ul style="list-style-type: none"> • Watchutink? • Hoping for your kind consideration ma'am. • Maam, pls excuse me for being absent from your class this afternoon because I am in hospital. • Magandang umaga maam. • Anong galawan natin jan? • Sa puso mo • Grand master • Online shopping • Pays cash on delivery • Iloveyou • Happy valentines • Praise God • Mixed feelings • WHY OH WHY?? • Goodmorning! • Have a great day ahead 	<ul style="list-style-type: none"> • Good morning • gandang buhay • waiting for u • do not count the chick before they hatch • kung pra sau, para sau • send pics... • Kumusta ang kasal? • Celebration again • Thanks! • Over 200 title to choose from • Thanks for keeping it. • Thanks anyway! • God Bless. • Happy bday to yhe kindest person • There are a lot of things that actually I look forward in this year. • To have stable job in order me to afford my graduate study.
Sosyolek	<ul style="list-style-type: none"> • jai (diay) • PAREE / pare / pre • Part / Pords • alaw • bay / bai • Bie • tol • jukins • guys / guiz / guysssess / guz • bahalag <i>shat</i> lang • froca • <i>patsay</i> itumba tika. • erpat • daghanay baya <i>kol</i> • yot • inchikoy • Chuli • choi • oppps chill lang! • shubi 	<ul style="list-style-type: none"> • Momssshhh / mamsh / maamshie • jugsak • bucheretzzz / chers / bucheretsssa • Chers • guys • showww • besh / beshyy • nega • Pips / Pepz • Mwaaaaahugs • meem (ma'am) • chaps • waz / wiz • fruka • bortista • chillax • korabelsss • kiwibelsss • kakak • eklavoo • bonggalers
Taboo	<ul style="list-style-type: none"> • Loslos nimo! • Mga bubu • Mga yawa mo! / Yawaa uie!! / Yaws! / Yawa • Putang ina!!! / POTA! • Gago! • Buang ka! • Pakyo! / Fuckyou / puck u • Amaw! • Giatay! • Biga ng ina mo! • Animal ka! • Laso nimo • Shunga! 	<ul style="list-style-type: none"> • atay! • Neeeeeemal! • Tsk! / tsk tsk! • Bushit!

Ang Gamiting Varayti ng Wika sa TWIFAME

Sa *Twitter*, karamihan sa mga respondenteng mag-aaral at guro ay kadalasang gumamit ng varayti ng wikang *code-mixing*. Makikita sa *Figyur 2*, na mayroong 490 mga respondenteng mag-aaral at 97 naman sa mga respondenteng guro.

Samantalang sa *Facebook*, ang varayti ng wikang kadalasang ginamit ng mga respondenteng mag-aaral at guro ay ang *istandard na wika*. Ito ay makikita sa *Figyur 3*, na mayroong 264 na mga respondenteng mag-aaral at 278 naman sa mga respondenteng guro.

Subalit sa *Messenger*, ang dalawang respondente ay magkaiba ng varayti ng wika na madalas na ginamit. Karamihan sa mga respondenteng mag-aaral ay madalas gumamit ng varayting *dayalek* na mayroong 398 na dalas. Samantalang, ang mga respondenteng guro naman ay madalas gumamit ng varayting *code-mixing* na mayroong 396 na dalas. Ito ay makikita sa *Figyur 4*.

Ang Pagkakaiba sa Varayti ng Wika sa TWIFAME

Sa **Talahanayan 4**, makikita ang makabuluhang pagkakaiba sa varayti ng wikang ginamit ng mga mag-aaral at guro sa TWIFAME. Ito ay nagsasaad na ang pagkakaiba ng dalawang mga respondente batay sa siyam (9) na varayti ng wikang ginamit ay wala itong makabuluhang pagkakaiba. Ito ay dahil sa P-value na mas mataas kaysa sa alpha na 0.05. Nangangahulugan lamang ito na ang null na haypotesis ng pag-aaral ay tinanggap.

Talahanayan 4. Paghahambing ng Makabuluhang Pagkakaiba sa Varayti ng Wikang Ginamit sa TWIFAME.

Varayti Ng Wika	Respondente	N	Mean	Standard Deviation	T Value	PValue	Significance
Code-mixing	Mag-aaral	3	197	172	0.69	0.542	No Significant Difference
	Guro	3	301	196			
Code-switching	Mag-aaral	3	19.7	11.2	0.3	0.781	No Significant Difference
	Guro	3	23.3	17.6			
Dayalek	Mag-aaral	3	252	131	1.66	0.239	No Significant Difference
	Guro	3	110	67.8			
Ekolek	Mag-aaral	3	1.33	2.31	0.4	0.716	No Significant Difference
	Guro	3	2	1.73			
Eyufemismo	Mag-aaral	3	0.667	0.577	0.71	0.519	No Significant Difference
	Guro	3	0.333	0.577			
Idyolek	Mag-aaral	3	42.67	8.08	0.45	0.698	No Significant Difference
	Guro	3	34.3	31.1			
Istandard na Wika	Mag-aaral	3	162	120	0.05	0.963	No Significant Difference
	Guro	3	158	104			
Sosyolek	Mag-aaral	3	112	103	0.9	0.433	No Significant Difference
	Guro	3	48.3	66.4			
Taboo	Mag-aaral	3	31	17.3	2.4	0.139	No Significant Difference
	Guro	3	6.33	4.04			

IV. Konklusyon At Rekomendasyon

Masasabing dahil sa patuloy na pagdami ng mga taong gumamit ng social media katulad ng Twitter, Facebook at Messenger (TWIFAME) na mula sa iba't ibang pangkat ng tao, iba-iba rin ang varayti ng wikang ginamit sa mga post sa TWIFAME. Ang mga ito ay paggamit ng code-mixing, code-switching, dayalek, ekolek, eyufemismo, idyolek, istandard na wika, sosyolek at ang taboo.

Mula sa varayti ng wika na ginamit ng mga mag-aaral at guro sa Twitter ay mas ginamit ang code-mixing. Samantalang, sa Facebook naman ay ang Istandard na Wika. Subalit, sa varayti ng wika na ginamit sa Messenger ay mas ginamit ng mga mag-aaral ang Dayalek. Samantalang, ang Code-mixing naman ay sa mga guro. Ang mga varayting ito ay ginamit sa kanilang pagpapahayag ng kanilang mga saloobin sa mga post sa TWIFAME.

Samantalang, sa estatistikal na resulta naman hinggil sa pagkakaiba ng siyam (9) na varayti ng wikang ginamit ng mga respondente ay wala itong makabuluhang pagkakaiba. Ito ay mapapansin sa P-value na mas mataas ang resulta nito sa alpha na 0.05. Nangangahulugan ito na ang null haypotesis ng pag-aaral ay tinanggap sa dahilang ang P-value ay mataas kay sa alpha value nito.

Masasabing ang resulta ng kaalaman ng mga gumamit o user at paggamit hindi lamang ng kanilang unang wika kung hindi maging ang kanilang pangalawang wika. Ang varayti ng wika sa mga post sa TWIFAME ay nagpapatunay lamang na tunay na dinamiko ang wika sapagkat ito ay nagbabago. Malaki ang impluwensya o papel ng lipunan at ng social media sa pag-usbong ng mga varayti na ito. Kaya, kailangang bigyang-pansin ang mga kaganapang pangwika, ang pagbabago ng wika sa mga post sa TWIFAME bilang bagong kaparaanan ng bawat indibidwal sa paglalahad ng mga saloobin o damdamin.

MGA REPERENSYA

- [1] Daniels, Harvey A. 1985. "Language and Its Study". Nasa Language nina Virginia P. Clark, Paul A. Eschnolz at Alfred F. Rosa. New York: St. Martin's Press.
- [2] Paz, Consuelo J., Viveca V. Hernandez at Irma U. Peneyra. 2003. Ang Pag-aaral ng Wika.
- [3] University of the Philippine Press.
- [4] Raymundo, Sarah. 2004. "Text". Nasa Sawikaan 2004 nina Galileo S. Zafra at Romulo P.
- [5] Baquiran Jr. Quezon City: University of the Philippine Press.
- [6] Microsoft Children's Encarta. 2005. Communication.
- [7] Microsoft Encarta Premium Suite. 2005. Communication.
- [8] www.webopedia.com/quick-ref/text_messaging.html